



تَفْسِيرُ آيَاتِ الصَّوْمِ وَبَيَانُ أَهَمِّ أَحْكَامِ الصَّوْمِ وَبَعْضُ مَا يَتَعَلَّقُ بِهِ

PALIWANAG SA MGA TALATA NG PAG-AAYUNO

AT PAGLILINAW SA MGA PINAKAMAHALAGANG ALITUNTUNIN NG
PAG-AAYUNO AT ILANG MGA BAGAY NA MAY KAUGNAYAN DITO

INIHANDA NI: SHAYKH DR.

HAYTHAM BIN MUHAMMAD SARHAN



ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NI:
ABU IBRAHEEM AL-HAFEYZ BAUTISTA



اللغة الفلبينية - تجالوج

PALIWANAG SA MGA TALATA NG PAG-AAYUNO
AT PAGLILINAW SA MGA PINAKAMAHALAGANG ALITUNTUNIN NG PAG-AAYUNO
AT ILANG MGA BAGAY NA MAY KAUGNAYAN DITO

Inihanda ng nangangailangan sa kapatawaran ng kanyang Panginoon:

HAYTHAM BIN MUHAMMAD SARHAN

Dating guro sa Ma'had al-Haram sa Masjid an-Nabawi,
at tagapangasiwa ng Ma'had as-Sunnah
mahadsunnah.com

Nawa'y patawarin siya ng Allah, ang kanyang mga magulang,
at ang sinumang tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito.

Isinalin sa wikang Filipino ni:

Abu Ibraheem Al-Hafeyz Bautista

Unang Edisyon

**Lahat ng Karapatan ay Nakalaan
Unang Edisyon**

[Ang elektronikong kopyang ito ay nasa proseso pa ng paglalathala,
at hindi pa nakahanda para sa pag-imprenta.]

1447 H – 2026 M

NILALAMAN

NILALAMAN	3
Panimula	4
Mga Talata ng Pag-Aayuno at Ang Paliwanag Nito.....	5
Ang Tunay na Kahulugan ng Siyam o Pag-aayuno at ang Kabutihan Nito.....	14
Ilan sa mga Alituntunin ng Pag-aayuno	15
Mga Uri ng Pag-aayuno Batay sa Hatol (Bilang Pagsasaalang-alang sa Batas):.....	18
Mahahalagang Paalala para sa Nag-aayuno sa Ramadhan.....	19
Mga Dahilan na makatutulong sa Muslim sa Ramadhan.....	21
Kabilang sa mga Hatol (Alituntunin) ng Laylatul Qadr:	23
Kabilang sa mga Alituntunin (Hatol) ng Zakātul-Fiṭr:	25
Kabilang sa mga Alituntunin (Hatol) ng pagdarasal ng ‘Eid:	26
Mga Tanong para sa Mambabasa:.....	28



Panimula

Sa Ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah. Siya ang aming pinupuri, hinihingan ng tulong, at hinihingan ng kapatawaran. Nagpapakupkop kami sa Allah laban sa kasamaan ng aming mga sarili at laban sa masasamang bunga ng aming mga gawa. Sinumang patnubayan ng Allah, walang makapagliligaw sa kanya; at sinumang Kanyang hayaang maligaw, walang makapagtutuwid sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, Siya ay Nag-iisa at walang katambal; at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo ﷺ. **Pagkatapos nito:**

Katotohanan, ang pag-aayuno ay isang dakilang pagsamba, at isa sa mga haligi ng Islam. Ito ay itinakda ng Allah ﷻ, bilang awa sa Kanyang mga alipin, bilang paglilinis ng kanilang mga sarili, paghubog ng kanilang mga puso, at pag-uugnay sa kanila sa mga layunin ng tapat at dalisay na pagkaalipin sa Kanya. Iniuugnay ng Allah ang pag-uutos nito sa panawagan ng pananampalataya, at itinakda ang layunin nito bilang pagkamit ng **Taqwa** (takot sa Allah). Kaya ito ay naging isang paaralang pang-iman kung saan hinuhubog ang alipin sa pagbabantay sa kanyang Panginoon, pakikipaglaban sa kanyang sariling pagnanasa, at pagbibigay-halaga sa utos ng Allah kaysa sa hilig ng kalikasan at nakasanayang gawi ng katawan.

Nagkakaisa ang mga teksto ng Qur'an at Sunnah sa pagpapaliwanag ng mataas na antas ng pag-aayuno, pagbanggit sa mga kabutihan nito, at pagdedetalye ng mga alituntunin, mga kondisyon, at mga Adab (kaugalian) nito. Ito ay patunay ng dakilang katayuan nito at ng dami ng mga usaping kaugnay nito na kailangang malaman ng isang Muslim, upang sambahin niya ang kanyang Panginoon nang may malinaw na kaalaman, at maisagawa ang obligasyong ito sa paraang kalugod-lugod sa Allah.

Mula sa ganitong pananaw, isinulat ang maikling Risalah (aklat) na ito upang ilahad ang mga alituntunin ng pag-aayuno sa isang pinadaling paraan, na nakabatay sa mga patunay mula sa Qur'an at Sunnah, habang sumusunod sa mga pinagtibay ng mga iskolar—nang walang nakaaantok na pagpapahaba at walang nakapipinsalang pag-ikli. Hangad na ito ay maging tulong para sa naghahangad ng kaalaman at maging gabay para sa Muslim sa pagsasagawa ng pagsambang ito nang tama.

Hinihiling namin sa Allah, Siyang Buhay na Walang Hanggan at ang Tagapagpanatili ng lahat, na gawin Niyang taos-puso ang gawaing ito para sa Kanyang marangal na Mukha, at na pakinabangan nito ang mambabasa, ang may-akda, at ang tumulong. Tunay na Siya ang Tagapangalaga niyon at ang may kakayahang gawin iyon. Nawa'y pagpalain at bigyan ng kapayapaan at biyaya ng Allah si Muhammad, ang Propetang hindi marunong bumasa't sumulat, gayundin ang kanyang pamilya, kanyang mga kasamahan, at ang sinumang sumunod sa kanila nang may kabutihan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.



Mga Talata ng Pag-Aayuno at Ang Paliwanag Nito

قَالَ تَعَالَى: ﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ﴾ (١٨٣) أَيَّامًا مَّعْدُودَاتٍ فَمَن كَانَ مِنكُم مَّرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ وَعَلَى الَّذِينَ يُطِيقُونَهُ فِدْيَةٌ طَعَامُ مِسْكِينٍ فَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَهُوَ خَيْرٌ لَهُ وَأَن تَصُومُوا خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١٨٤﴾ شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَى وَالْفُرْقَانِ فَمَن شَهِدَ مِنكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا اللَّهَ عَلَى مَا هَدَاكُم وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٨٥﴾ وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ ﴿١٨٦﴾ أَجَلَ لَّكُمْ لَيْلَةُ الصِّيَامِ الرَّقْتُ إِلَى نَسَائِكُمْ هُنَّ لِبَاسٌ لَّكُمْ وَأَنْتُمْ لِبَاسٌ لَهُنَّ عَلِمَ اللَّهُ أَنَّكُمْ كُنْتُمْ تَخْتَانُونَ أَنْفُسَكُمْ فَتَابَ عَلَيْكُمْ وَعَفَا عَنْكُمْ فَالْآنَ بَاشِرُوهُنَّ وَأَبْتَغُوا مَا كَتَبَ اللَّهُ لَكُمْ وَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّى يَتَبَيَّنَ لَكُمُ الْخَيْطُ الْأَبْيَضُ مِنَ الْخَيْطِ الْأَسْوَدِ مِنَ الْفَجْرِ ثُمَّ أَتُمُوا الصِّيَامَ إِلَى اللَّيْلِ وَلَا تُبَشِّرُوهُنَّ وَأَنْتُمْ عَاكِفُونَ فِي الْمَسَاجِدِ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَقْرُبُوهَا كَذَلِكَ يَبَيِّنُ اللَّهُ ءَايَاتِهِ لِّلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿١٨٧﴾ [البقرة].

(1) Salin ng mga Talata: {183} O kayong mga naniwala, ang Sawm [pag-aayuno] ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot [sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya]. {184} [Ang pag-aayuno ay] para sa itinakdang bilang ng araw, kaya, sinuman sa inyo ang may karamdaman [sakit] o nasa paglalakbay [sa buwang ito], magkagayon ang [katumbas na] bilang ng pag-aayuno ay dapat [ding] tuparin sa ibang araw [bilang kabayaran sa pagliban]. At yaong mga [nakararanas ng kahirapan na] may kakayahan namang magbayad ng fidyah [kapalit ng di-pag-aayuno], sila ay nararapat magpakain ng isang dukha [sa bawa't araw]. Subali't, sinuman ang gumawa ng kusang kabutihan [nang ayon sa kanyang kakayahan], ito ay higit na makabubuti para sa kanya. At ang inyong pag-aayuno ay higit na mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman [ang kahalagahan at kabutihan nito]. {185} Buwan ng Ramadhan [nang] ipinahayag ang Qur'an, [ito ay nagsisilbing] patnubay para sa sangkatauhan at [bilang] mga malilina sa katibayan ng patnubay at pamantayan [sa pagitan ng wasto at mali]. Kaya, sinuman sa inyo ang nakatanaw sa [bagong buwan ng] buwan [ng Ramadhan], siya ay nararapat na mag-aayuno at sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin [bilang kabayaran ng pagliban]. Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo. At [hangad Niya] para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw [ng pag-aayuno] at upang inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo at upang sakali kayo ay [matutong] magpasalamat [sa Kanya]. {186} At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin. Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawa't dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan]. Kaya, hayaan silang tumugon sa Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas. {187} Ipinahihintulot para sa inyo ang pakikipagtalik sa inyong mga asawa sa gabi ng pag-aayuno. Sila ay inyong mga saplot [sa katawan at panangga] at kayo ay saplot rin para sa kanila. Nababatid ng Allah na inyong palagiang dinaraya ang inyong mga sarili, kaya Kanyang tinanggap ang inyong pagsisisi at kayo ay Kanyang pinatawad. Samakatwid, ngayon, makipag-ugnay [o makipagtalik] kayo sa kanila at inyong hanapin ang anumang naitakda ng Allah para sa inyo [ang inyong magiging supling] at magsikain kayo at magsiinom hanggang ang puting hibla [o sinag] ng buwang liwayway ay maging malinaw sa inyo mula sa itim na hibla [ng dilim ng gabi], pagkatapos ay inyong buuin ang pag-aayuno hanggang sa gabi [pagsapit ng takip-silim]. At huwag kayong makipag-ugnayan sa kanila [sa inyong mga asawa] habang kayo ay namamalagi sa masjid [para sa pagsamba]. Iyan ang mga hangganan ng Allah, kaya, sila ay huwag ninyong lalapitan. Ganyan ginagawang malinaw ng Allah ang Kanyang ayaat [mga alituntunin] sa sangkatauhan upang sakali sila ay [matutong] matakot [sa Kanya].

Sinabi ng bantog na Iskolar na si As-Sa'diy رَحِمَهُ اللهُ sa kanyang Tafseer:

[١٨٣] ﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ﴾

{183} O kayong mga naniwala, ang Sawm [pag-aayuno] ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinatagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot [sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya].

Ipinababatid ng Allah, سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى, ang biyayang Kanyang ipinagkaloob sa Kanyang mga alipin—na Kanyang itinakda sa kanila ang pag-aayuno, tulad ng pagkakatakda Niya nito sa mga naunang pamayanan. Sapagkat ito ay kabilang sa mga batas at mga kautusan na may kapakinabangan sa mga nilikha sa lahat ng panahon. Mayroon din dito ang pagpapasigla sa Ummah na ito—na nararapat lamang na kayo ay makipagpaligsahan sa iba sa pagpapakumpleto ng mga gawain, at magmadali sa paggawa ng mga mabubuting katangian. At ipinapakita rin nito na ang pag-aayuno ay hindi isang mabigat na tungkulin na sa inyo lamang ipinataw.

Pagkatapos ay binanggit ng Allah, سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى, ang Kanyang karunungan sa pagtakda ng pag-aayuno, nang Kanyang sabihin: ﴿لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ﴾ “*Upang sakali kayo ay matakot.*” Sapagkat ang pag-aayuno ay kabilang sa pinakamalalaking dahilan sa pagkamit ng Taqwa, dahil dito ay may pagsunod sa utos ng Allah at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

Kabilang sa mga aspeto ng Taqwa na taglay ng pag-aayuno ay ang mga sumusunod:

- Ang nag-aayuno ay iniwan ang mga bagay na ipinagbawal ng Allah sa kanya—tulad ng pagkain, pag-inom, pakikipagtalik, at iba pa—na likas na hinahangad ng kanyang sarili. Ginagawa niya ito bilang paglapit sa Allah at pag-asa sa gantimpala sa pag-iwas niya rito. Ito ay kabilang sa Taqwa.
- Kabilang din dito na sinasanay ng nag-aayuno ang kanyang sarili sa pagbabantay sa Allah (Muraqabah), kaya’t iniwan niya ang ninanais ng kanyang sarili kahit kaya niya itong gawin, dahil batid niyang siya ay nakikita at nababatid ng Allah.
- Kasama rin dito na ang pag-aayuno ay nagpapakitid sa mga daanan ng Shaytan, sapagkat siya ay dumadaloy sa anak ni Adan tulad ng pagdaloy ng dugo. Sa pamamagitan ng pag-aayuno, humihina ang kanyang impluwensiya at nababawasan ang mga kasalanan.
- Kabilang din dito na ang nag-aayuno ay karaniwang dumarami ang kanyang mga pagsunod at pagsamba, at ang mga pagsunod na ito ay kabilang sa mga katangian ng Taqwa.
- At kabilang din dito na kapag ang mayaman ay nakaranas ng sakit ng gutom, ito ay nag-uudyok sa kanya na makiramay at tumulong sa mga mahihirap at nangangailangan. At ito ay kabilang sa mga katangian ng Taqwa.

[١٨٤] ﴿ أَيَّامًا مَّعْدُودَاتٍ فَمَنْ كَانَتْ مِنْكُمْ مَرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ وَعَلَى الَّذِينَ يُطِيقُونَهُ فِدْيَةٌ طَعَامٌ

مِسْكِينٍ فَمَنْ تَطَوَّعَ خَيْرًا فَهُوَ خَيْرٌ لَهُ وَأَن تَصُومُوا خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١٨٥﴾

{184} [Ang pag-aayuno ay] para sa itinakdang bilang ng araw, kaya, sinuman sa inyo ang may karamdaman [sakit] o nasa paglalakbay [sa buwang ito], magkagayon ang [katumbas na] bilang ng pag-aayuno ay dapat [ding] tuparin sa ibang araw [bilang kabayaran sa pagliban]. At yaong mga [nakararanas ng kahirapan na] may kakayahan namang magbayad ng fidyah [kapalit ng di-pag-aayuno], sila ay nararapat magpakain ng isang dukha [sa bawa't araw]. Subali't, sinuman ang gumawa ng kusang kabutihan [nang ayon sa kanyang kakayahan], ito ay higit na makabubuti para sa kanya. At ang inyong pag-aayuno ay higit na mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman [ang kahalagahan at kabutihan nito].

Nang banggitin ng Allah na Kanyang ipinag-utos sa kanila ang pag-aayuno, ipinaalam din Niya na ito ay *“itinakdang bilang ng araw”*, ibig sabihin ay kaunti lamang at napakadaling isagawa.

Pagkatapos ay lalo pa Niya itong pinagaan, nang Kanyang sabihin:

﴿ فَمَنْ كَانَتْ مِنْكُمْ مَرِيضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ ﴾

“Kaya, sinuman sa inyo ang may karamdaman [sakit] o nasa paglalakbay [sa buwang ito], magkagayon ang [katumbas na] bilang ng pag-aayuno ay dapat [ding] tuparin sa ibang araw [bilang kabayaran sa pagliban].”

Dahil sa karaniwang hirap na dulot ng sakit at paglalakbay, pinahintulutan sila ng Allah na hindi muna mag-ayuno. At dahil kinakailangang makamit ng bawat mananampalataya ang kapakinabangan ng pag-aayuno, inutusan silang bayaran (Qadā') ito sa ibang mga araw kapag nawala na ang sakit, natapos na ang paglalakbay, at nakamit na ang kaginhawahan.

Sa Kanyang pahayag na ﴿ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ ﴾ *“magkagayon ang [katumbas na] bilang ng pag-aayuno ay dapat [ding] tuparin sa ibang araw [bilang kabayaran sa pagliban].”* ay may patunay na kailangang bayaran ang eksaktong bilang ng mga araw ng Ramadhan—maging ito man ay kumpleto (30 araw) o kulang (29 araw). At ipinapakita rin nito na maaaring bayaran ang mahahabang maiinit na araw sa pamamagitan ng maiikli at malamig na mga araw, at maaari rin ang kabaligtaran.

At ang Kanyang pahayag na: ﴿ وَعَلَى الَّذِينَ يُطِيقُونَهُ ﴾ *“At yaong mga [nakararanas ng kahirapan na] may kakayahan namang magbayad ng fidyah [kapalit ng di-pag-aayuno].”* Ibig sabihin: yaong mga nakakaya ang pag-aayuno, ﴿ فِدْيَةٌ ﴾ *“magbayad ng fidyah [kapalit ng di-pag-aayuno].”* ay may katumbas na kabayaran (fidyah) sa bawat araw na kanilang hindi pag-aayunuhan, ﴿ طَعَامٌ مِّسْكِينٍ ﴾ *“sila ay nararapat magpakain ng isang dukha [sa bawa't araw].”* Ito ay noong simula ng pagkakatakda ng pag-aayuno, sapagkat noon ay hindi pa sanay ang mga tao sa pag-aayuno. At dahil ang pag-aayuno ay naging obligasyon, na may kaakibat na hirap para sa kanila, dinala sila ng Allah—ang Maalam at Marunong—sa pinakamadaling paraan. Binigyan Niya

ng pagpipilian ang may kakayahang mag-ayuno: maaari siyang mag-ayuno, na siyang mas mainam; o maaari siyang magpakain ng mahirap. Kaya't sinabi Niya: ﴿وَأَنْ تَصُومُوا خَيْرٌ لَّكُمْ﴾ “*At ang inyong pag-aayuno ay higit na mainam para sa inyo.*”, Pagkatapos nito, ang pag-aayuno ay ginawang ganap na obligasyon sa may kakayahan. At ang walang kakayahan ay maaaring hindi muna mag-ayuno at babayaran na lamang ito sa ibang mga araw.

May nagsabi rin na ang kahulugan ng: ﴿وَعَلَى الَّذِينَ يُطِيقُونَهُ﴾ “*At yaong mga [nakararanas ng kahirapan na] may kakayahan namang magbayad ng fidyah [kapalit ng di-pag-aayuno],*”: ay yaong mga nahihirapan nang labis sa pag-aayuno at ginagawa ito nang may matinding pasanin na halos hindi na makayanan—tulad ng matandang lubha na ang edad. Para sa kanila, may fidyah na pagpapakain sa isang mahirap sa bawat araw. At ito ang mas tamang paliwanag.

[١٨٥] ﴿شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنْزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَىٰ وَالْفُرْقَانِ فَمَن شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ ۖ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا اللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدٰكُمْ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ﴾

{185} Buwan ng Ramadhan [nang] ipinahayag ang Qur'an, [ito ay nagsisilbing] patnubay para sa sangkatauhan at [bilang] mga malilinao na katibayan ng patnubay at pamantayan [sa pagitan ng wasto at mali]. Kaya, sinuman sa inyo ang nakatanaw sa [bagong buwan ng] buwan [ng Ramadhan], siya ay nararapat na mag-ayuno at sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin [bilang kabayaran ng pagliban]. Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo. At [hangad Niya] para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw [ng pag-aayuno] at upang inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo at upang sakali kayo ay [matutong] magpasalamat [sa Kanya].

Ibig sabihin: ang pag-aayunong ipinag-utos sa inyo ay ang **buwan ng Ramadhan**—ang dakilang buwan na kung saan ipinagkaloob sa inyo ng Allah ang napakalaking biyaya: ang **Marangal na Qur'an**. Ito ay naglalaman ng patnubay para sa kapakinabangan ng inyong relihiyon at makamundong buhay, malinaw na pagpapaliwanag ng katotohanan, at pamantayan (Furqan) na naghihiwalay sa tama at mali, sa patnubay at pagkaligaw, at sa mga taong mapalad at sa mga taong kapus-palad.

Kaya't nararapat lamang na ang isang buwang may ganitong kadakilang biyaya at kagandahang-loob ng Allah sa inyo ay maging isang panahon ng pagsamba kung saan ang pag-aayuno ay ipinag-utos.

Matapos Niyang ipaliwanag ito, banggitin ang mga kabutihan nito, at ang karunungan ng Allah sa paglalaan ng buwan na ito, sinabi Niya:

﴿فَمَنْ شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ﴾ “Kaya, sinuman sa inyo ang nakatanaw sa [bagong buwan ng] buwan [ng Ramadhan], siya ay nararapat na mag-ayuno” Ito ay malinaw na pagtatalaga ng pag-aayuno sa sinumang may kakayahan, malusog, at naroroon (hindi naglalakbay).

At dahil ang naunang pag-alis ng pagpipilian (pagitan ng pag-aayuno at fidyah) ay tumutukoy lamang sa may kakayahan, muling binanggit ang pahintulot para sa may sakit at naglalakbay, upang hindi mapagkamalang pati ang pahintulot na ito ay inalis na rin. Kaya’t sinabi Niya:

﴿يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ﴾ “Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo.” Ibig sabihin, nais ng Allah na padaliin para sa inyo ang mga landas patungo sa Kanyang kaluguran sa pinakamadaling paraan, at pagaanin ang mga ito nang lubusan. Kaya’t ang lahat ng ipinag-utos ng Allah sa Kanyang mga alipin ay sa pinakapundasyon nito ay magaan at madaling isagawa. At kung may lumitaw na ilang kalagayan na nagdudulot ng kahirapan sa pagsasagawa nito, pinadadali ito ng Allah sa ibang paraan—maaaring sa pamamagitan ng pag-alis ng obligasyon, o sa pamamagitan ng pagbabawas nito sa iba’t ibang anyo ng pagpapagaan.

Ito ay isang pangkalahatang prinsipyo na hindi kayang isa-isahin ang detalye, sapagkat ang mga detalye nito ay sumasaklaw sa buong batas ng Shari’ah, kabilang ang lahat ng mga pahintulot (Rukhas) at mga pagpapagaan.

At ang Kanyang pahayag na: ﴿وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ﴾ “At [hangad Niya] para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw [ng pag-aayuno].” At ito—at ang Allah ang higit na nakaaalam—ay upang hindi isipin ng sinuman na sapat na ang pag-aayuno ng bahagi lamang ng Ramadhan upang makamit ang layunin nito. Kaya’t inalis ang ganitong maling akala sa pamamagitan ng utos na kumpletuhin ang bilang ng mga araw. At (upang) magpasalamat sa Allah, سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى, sa pagtatapos nito—dahil sa Kanyang pagbibigay ng kakayahan, pagpapadali, at paglililaw sa Kanyang mga alipin. At kabilang dito ang pagbigkas ng Takbīr sa pagtatapos nito, na nagsisimula sa pagkakita ng buwan ng Shawwāl hanggang sa matapos ang khutbah ng ‘Eid.

[١٨٦] ﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ﴾

{186} At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin. Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawa't dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan]. Kaya, hayaan silang tumugon sa Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas.

Ito ay sagot sa isang tanong na itinanong ng ilan sa mga kasamahan ng Propeta ﷺ. Sinabi nila: “O Sugo ng Allah, malapit ba ang aming Panginoon upang Siya’y aming bulungan, o malayo upang Siya’y aming tawagin nang malakas?” Kaya’t ibinaba ang talatang: ﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ﴾ “At kapag ang

Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin. Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. ; Sapagkat Siya, سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى, ay ang Tagamasid at Saksi, ang Nakaaalam sa lihim at higit pang nakatago. Alam Niya ang pandarayang sulap ng mga mata at ang itinatago ng mga dibdib. Siya rin ay malapit sa Kanyang tumatawag sa pamamagitan ng pagtugon. Kaya't sinabi Niya ﴿أُجِيبْ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ﴾ *“Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawa't dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan].”* ; Ang Du‘ā’ (panalangin) ay may dalawang uri: Du‘ā’ ng pagsamba (mga gawaing pagsunod na anyo ng panalangin), at Du‘ā’ ng paghiling (tuos at pagsusumamo). At ang kalapitan (Qurb) ay may dalawang uri: Kalapitan sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman sa lahat ng Kanyang nilikha, at Kalapitan sa Kanyang mga sumasamba at nananalangin sa pamamagitan ng pagtugon, pagtulong, at paggabay. Kaya’t ang sinumang manalangin sa kanyang Panginoon nang may pusong naroroon at taimtim, sa paraang itinakda ng Shari‘ah, at walang hadlang sa pagtugon—tulad ng pagkain ng haram at iba pa—tunay na ipinangako ng Allah ang pagtugon sa kanya. Lalo na kung kanyang isinasagawa ang mga dahilan ng pagtanggap ng Du‘ā’, at ito ay ang pagtugon sa Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal, sa salita man o gawa, at paniniwala sa Kanya na siyang nag-uudyok ng ganitong pagsunod. Kaya’t sinabi Niya:

﴿فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ﴾ *“Kaya, hayaan silang tumugon sa Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas..”* Ibig sabihin, upang makamit nila ang tamang patnubay—ang gabay tungo sa tunay na pananampalataya at mga mabubuting gawa—at mawala sa kanila ang pagkaligaw na sumasalungat sa pananampalataya at mabubuting gawa. Sapagkat ang pananampalataya sa Allah at ang pagtugon sa Kanyang mga utos ay dahilan ng pagkamit ng kaalaman. Tulad ng sinabi Niya: ﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِن تَتَّقُوا اللَّهَ يَجْعَلْ لَكُمْ فُرْقَانًا﴾ *“O kayong mga naniwala, kung inyong katakutan ang Allah, Kanyang ipagkakaloob para sa inyo ang pamantayan [ng paghatol sa pagitan ng wasto at mali].”* [Al-Anfal:29].

Pagkatapos sinabi ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى:

[١٨٧] ﴿أَجَلٌ لَكُمْ لَيْلَةَ الصِّيَامِ الرَّفْتُ إِلَى نِسَائِكُمْ هُنَّ لِبَاسٌ لَكُمْ وَأَنْتُمْ لِبَاسٌ لَهُنَّ عَلِمَ اللَّهُ أَنَّكُمْ كُنْتُمْ تَخْتَانُونَ أَنْفُسَكُمْ فَتَابَ عَلَيْكُمْ وَعَفَا عَنْكُمْ فَالْظَنُّ بِشِرْوَهُنَّ وَأَتَّبِعُوا مَا كَتَبَ اللَّهُ لَكُمْ وَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّى يَتَبَيَّنَ لَكُمُ الْخَيْطُ الْأَبْيَضُ مِنَ الْخَيْطِ الْأَسْوَدِ مِنَ الْفَجْرِ ثُمَّ أَتُمُوا الصِّيَامَ إِلَى الْاِيلِ وَلَا تُبَشِّرُوهُنَّ وَأَنْتُمْ عَاكِفُونَ فِي الْمَسَجِدِ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَقْرُبُوهَا كَذَلِكَ يُبَيِّنُ اللَّهُ آيَاتِهِ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ﴾

{187} Ipinahihintulot para sa inyo ang pakikipagtalik sa inyong mga asawa sa gabi ng pag-aayuno. Sila ay inyong mga saplot [sa katawan at panangga] at kayo ay saplot rin para sa kanila. Nababatid ng Allah na inyong palagiang dinaraya ang inyong mga sarili, kaya Kanyang tinanggap ang inyong pagsisisi at kayo ay

Kanyang pinatawad. Samakatwid, ngayon, makipag-ugnay [o makipagtalik] kayo sa kanila at inyong hanapin ang anumang naitakda ng Allah para sa inyo [ang inyong magiging supling] at magsikain kayo at magsiinom hanggang ang puting hibla [o sinag] ng buwang liwayway ay maging malinaw sa inyo mula sa itim na hibla [ng dilim ng gabi], pagkatapos ay inyong buuin ang pag-aayuno hanggang sa gabi [pagsapit ng takip-silim]. At huwag kayong makipag-ugnayan sa kanila [sa inyong mga asawa] habang kayo ay namamalagi sa Masjid [para sa pagsamba]. Iyan ang mga hangganan ng Allah, kaya, sila ay huwag ninyong lalapitan. Ganyan ginagawang malinaw ng Allah ang Kanyang ayaat [mga alituntunin] sa sangkatauhan upang sakali sila ay [matutong] matakot [sa Kanya].

Sa simula ng pagkakatakda ng pag-aayuno, ipinagbabawal sa mga Muslim sa gabi—pagkatapos nilang makatulog—ang pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik. Dahil dito, nagkaroon ng kahirapan para sa ilan sa kanila. Kaya’t pinagaan ito ng Allah, Kataas-taasan, at pinahintulutan sa lahat ng gabi ng pag-aayuno ang pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik—maging sila man ay nakatulog o hindi—sapagkat may ilan na nagkukulang sa pagsunod at tila nagkakanulo sa kanilang mga sarili sa pag-iwan ng ilan sa mga ipinagutos sa kanila. ﴿فَتَابَ عَلَيْكُمْ﴾ “*kaya Kanyang tinanggap ang inyong pagsisisi...*” sa pamamagitan ng pagpapaluwag sa inyo ng isang bagay na kung hindi Niya pinaluwag ay magdudulot sana ng kasalanan; ﴿وَعَفَا عَنْكُمْ﴾ “*at kayo ay Kanyang pinatawad...*” at pinatawad Niya kayo sa mga nagdaang pagkukulang.

﴿بَشِّرُوهُمْ﴾ “*Samakatwid, ngayon...*” matapos ang pahintulot at pagpapaluwag na ito mula sa Allah, ﴿مَّا كَتَبَ اللَّهُ لَكُمْ﴾ “*makipag-ugnay [o makipagtalik] kayo sa kanila...*” – makipagtalik kayo sa kanila, pati na ang paghalik, paghawak, at iba pa. ﴿وَابْتَغُوا مَا كَتَبَ اللَّهُ لَكُمْ﴾ “*at inyong hanapin ang anumang naitakda ng Allah para sa inyo [ang inyong magiging supling]...*” Ibig sabihin, sa pakikipagtalik ninyo sa inyong mga asawa, maglayon kayo ng pagsunod sa Allah, at isaisip ang dakilang layunin ng pakikipagtalik—ang pagkakaroon ng supling, pag-iingat sa dangal ng sarili at ng asawa, at ang pagtamo ng mga layunin ng pag-aasawa.

At kabilang din sa mga itinakda ng Allah para sa inyo sa mga gabi ng Ramadhan ang Laylat al-Qadr, na nasa loob ng mga gabing iyon. Kaya’t hindi nararapat na kayo ay maging abala lamang sa pansamantalang kasiyahan ito at mapabayaang gabing iyon. Sapagkat ang ganitong kasiyahan ay maaaring makamtan sa ibang panahon, ngunit kapag ang Laylat al-Qadr ay nakaligtaan, ito ay hindi na maibabalik.

﴿وَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّى يَتَبَيَّنَ لَكُمُ الْخَيْطُ الْأَبْيَضُ مِنَ الْخَيْطِ الْأَسْوَدِ مِنَ الْفَجْرِ﴾ “*at magsikain kayo at magsiinom hanggang ang puting hibla [o sinag] ng buwang liwayway ay maging malinaw sa inyo mula sa itim na hibla [ng dilim ng gabi],...*” Ito ang hangganan ng pagpapahintulot sa pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik (sa gabi ng Ramadhan). Mula rito ay:

- Mauunawaan na kung ang isang tao ay kumain o uminom habang nag-aalinlangan kung sumikat na ang buwang-liwayway (Fajr), wala siyang kasalanan.
- Makikita rin dito ang patunay ng pagiging kanais-nais ng **Suhūr** (pagkain bago mag-Fajr), sapagkat ito ay iniutos at bahagi ng pagpapagaan ng Allah sa Kanyang mga alipin. At ipinapahiwatig din na mas

mainam itong ipagpaliban hanggang malapit sa Fajr, bilang pagsunod sa diwa ng Kanyang pagpapaluwag at pagpapadali.

- May patunay din dito na kung ang Fajr ay sumapit habang ang isang tao ay nasa kalagayang **junub** (dahil sa pakikipagtalik bago mag-Fajr) at hindi pa nakapaligo (Ghusl), ang kanyang pag-aayuno ay nananatiling wasto. Sapagkat kung pinahintulutan ang pakikipagtalik hanggang sa pagsikat ng Fajr, likas na mangyayari na maaabutan siya ng Fajr sa kalagayang Junub—at ang kinakailangang bunga ng isang pahintulot ay kabilang sa pahintulot mismo.

﴿ثُمَّ﴾ *“Pagkatapos....”* kapag sumikat na ang Fajr ﴿أَتَمُّوا الصَّيَامَ﴾ *“ay inyong buuin ang pag-aayuno....”* Ibig sabihin, magpigil mula sa mga nakasisira ng pag-aayuno. ﴿إِلَى اللَّيْلِ﴾ *“hanggang sa gabi [pagsapit ng takip-silim]....”* hanggang sa paglubog ng araw. Ngunit dahil ang pahintulot sa pakikipagtalik sa gabi ng Ramadhan ay hindi para sa lahat sa lahat ng kalagayan—sapagkat ang nag-I’tikāf ay hindi pinahihintulutan nito—kaya’t binanggit ang pagbubukod: ﴿وَلَا تُبَشِّرُوهُمْ وَأَنْتُمْ عَاكِفُونَ فِي الْمَسْجِدِ﴾ *“At huwag kayong makipag-ugnayan sa kanila [sa inyong mga asawa] habang kayo ay namamalagi sa Masjid [para sa pagsamba]....”* Ibig sabihin, habang kayo ay nasa kalagayang iyon. Ipinapakita ng talatang ito ang pagiging lehitimo ng I’tikāf, na nangangahulugang pananatili sa Masjid para sa pagsamba sa Allah at pagtalikod sa ibang gawain para sa Kanya. At ipinapahiwatig din na ang I’tikāf ay hindi wasto maliban sa Masjid. Mula sa pagbanggit ng “mga Masjid,” nauunawaan na ito ay ang mga kilalang Masjid kung saan isinasagawa ang limang obligadong ṣalāh. Ipinapakita rin dito na ang pakikipagtalik ay kabilang sa mga nakasisira ng I’tikāf.

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا﴾ *“Iyan...”* Ang mga nabanggit—tulad ng pagbabawal sa pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik sa oras ng pag-aayuno; ang pagbabawal ng paglabag dito nang walang dahilan; at ang pagbabawal ng pakikipagtalik sa nag-I’tikāf—ay ﴿حُدُودُ اللَّهِ﴾ *“ang mga hangganan ng Allah...”* na Kanyang itinakda para sa Kanyang mga alipin. ﴿فَلَا تَقْرُبُوهَا﴾ *“huwag ninyong lalapitan...”* Ang pahayag na “huwag ninyong lalapitan” ay mas matindi kaysa sa “huwag ninyong gawin,” sapagkat kasama rito ang pag-iwas hindi lamang sa mismong bawal kundi pati sa mga daan at sanhi na maghahatid dito. Ang alipin ay inuutusan na iwasan ang mga ipinagbabawal at lumayo rito hangga’t maaari, at iwanan ang bawat dahilan na mag-uudyok patungo rito. Samantalang sa mga utos, sinabi ng Allah: ﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَقْرُبُوا﴾ *“Ito ang mga hangganang itinakda ng Allah, kaya huwag ninyong labagin ito....”* [Al-Baqarah: 229], Kaya’t ipinagbabawal ang paglampas sa mga ito.

﴿كَذَلِكَ﴾ *“Ganyan....”* Ibig sabihin: ipinaliwanag ng Allah sa Kanyang mga alipin ang mga naunang alituntunin sa pinakaganap na pagpapaliwanag, at nilinaw Niya ang mga ito sa pinakakumpleto at malinaw na paraan. ﴿يُبَيِّنُ اللَّهُ آيَاتِهِ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ﴾ *“ginagawang malinaw ng Allah ang Kanyang ayaat [mga alituntunin] sa sangkatauhan upang sakali sila ay [matutong] matakot [sa Kanya]....”* Kapag naging malinaw sa kanila ang katotohanan, ito ay kanilang susundin; at kapag naipakita sa kanila ang kamalian, ito ay kanilang iiwasan.

Sapagkat maaaring ang isang tao ay makagawa ng ipinagbabawal dahil sa hindi niya alam na ito ay bawal. Kung alam lamang niya, hindi niya ito gagawin. Kaya't kapag ipinaliwanag ng Allah ang Kanyang mga talata, wala nang maiiwang dahilan o palusot ang tao—at ito ang nagiging daan tungo sa Taqwa.



Ang Tunay na Kahulugan ng Siyam o Pag-aayuno at ang Kabutihan Nito

Ang *Siyam* o pag-aayuno sa wika ay nangangahulugang *Imsak* o pagpipigil. Sa batas ng Shari'ah, ito ay: “Ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagpipigil sa pagkain, pag-inom, at iba pang mga nakasisira ng pag-aayuno mula sa pagsikat ng tunay na Fajr hanggang sa paglubog ng araw.”

Ngunit ang tunay na diwa ng pag-aayuno ay hindi lamang basta pag-iwas sa pagkain, pag-inom, at iba pang mga nakasisira nito. Ito ay isang komprehensibong pagsamba na kinabibilangan ng pagpipigil ng mga bahagi ng katawan laban sa mga kasalanan, pagpipigil sa sarili mula sa mga pagnanasa, at pagsasanay dito sa pagbabantay sa Allah—sa lihim man o hayagan. Ang layunin nito ay ang paglilinis ng puso, pagtutuwid ng pag-uugali, at pagkamit ng Taqwa na siyang dahilan kung bakit ito itinakda. Sinabi ng Propeta ﷺ, gaya ng iniulat ni Imam al-Bukhari:

«مَنْ لَمْ يَدَعْ قَوْلَ الزُّورِ وَالْعَمَلَ بِهِ، فَلَيْسَ لِلَّهِ حَاجَةٌ فِي أَنْ يَدَعَ طَعَامَهُ وَشَرَابَهُ»

“Sinumang hindi tumitigil sa pagsasalita ng kasinungalingan at sa paggawa nito, walang pangangailangan ang Allah na iwan niya ang kanyang pagkain at inumin.”

Marami ang mga kabutihan ng pag-aayuno. Kabilang dito ang mga sumusunod:

[1] Ito ay kabilang sa mga dahilan ng pagkamit ng Taqwa: ﴿لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ﴾ “Upang kayo ay magkaroon ng Taqwa.” (Al-Baqarah: 183)	[2] Ito ay Sunnah ng mga Propeta: ﴿كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ﴾ “Gaya ng pagkakatakda nito sa mga nauna sa inyo.” (Al-Baqarah: 183)	[3] Ito ay mabuti para sa Muslim: ﴿وَأَنْ تَصُومُوا خَيْرٌ لَكُمْ﴾ ﴿إِنْ كُنْتُمْ تَعْلَمُونَ﴾ “At ang mag-ayuno kayo ay higit na mabuti para sa inyo, kung inyong nalalaman.” (Al-Baqarah: 184)	[4] Dakila ang gantimpala nito Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinabi ng Allah: Ang bawat gawa ng anak ni Adan ay para sa kanya, maliban sa pag-aayuno; ito ay para sa Akin, at Ako ang gagantimpala para rito... At ang pag-aayuno ay isang panangga.” (Iniulat nina Bukhari at Muslim)	[5] Kapatawaran ng mga kasalanan Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinumang mag-ayuno sa Ramadhan nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala, patatawarin siya sa kanyang mga nagdaang kasalanan.” (Iniulat nina Bukhari at Muslim)	[6] Ang amoy ng bibig ng nag-aayuno ay kaaya-aya sa Allah Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang amoy ng bibig ng nag-aayuno ay higit na mabango sa Allah kaysa sa amoy ng musk.” (Muttafaq ‘alayh – Bukhari at Muslim)
---	--	--	--	--	--

Ilan sa mga Alituntunin ng Pag-aayuno

Mga Haligi (Arkān) ng Pag-aayuno:

[1] Ang Niyyah (Layunin)		[2] Ang Imsak (Pagpipigil sa mga Nakasisira ng Pag-aayuno)
[A] Niyyah para sa Obligadong Pag-aayuno (Farḍ) Kinakailangang buuin ang Niyyah sa gabi para sa obligadong pag-aayuno—ibig sabihin, bago sumikat ang Fajr. Sapat na ang pagbuo ng layunin sa pagpasok ng buwan, Ang lugar ng Niyyah ay nasa puso. Ang pagbigkas nito nang pasalita ay isang Bid'ah	(B) Niyyah para sa Boluntaryong Pag-aayuno (Nafl) maaaring buuin sa alinmang oras ng araw, hangga't wala pang nagagawang anumang nakasisira ng pag-aayuno. Subalit ang gantimpala ay ibinibilang mula sa oras na binuo ang Niyyah—hindi mula sa simula ng araw.	[1] Sadyang Pagkain o Pag-inom Ngunit kung ito ay dahil sa pagkalimot, ang kanyang pag-aayuno ay nananatiling wasto.
		[2] Pakikipagtalik (Jimā') Kung ito ay nangyari sa araw ng Ramadhan , at ang pag-aayuno ay obligadong isinasagawa niya, siya ay may pananagutan ng mabigat na kaffārah (kababayaranang pagpaparusa) .
		[3] Paglabas ng Semilya (Maniy) Dahil sa Pisikal na Paglalapit tulad ng: Paghalik, Pagyakap, atbp.
		[4] Anumang Katumbas ng Pagkain at Pag-inom, tulad ng nutritional injections , Ngunit kung ang mga iniksiyong ay hindi pampalusog; ito ay hindi nakasisira ng pag-aayuno .
		[5] Paglabas ng Dugo sa Pamamagitan ng Hijamah (Cupping), Ngunit ang kaunting pagkuha ng dugo—tulad ng para sa laboratory test, ay hindi nakasisira ng pag-aayuno.
		[6] Sadyang Pagsusuka
		[7] Paglabas ng Dugo ng Ḥayḍ at Nifās

